

Special **Learning**

www.special-learning.com

© 2016 All Rights Reserved



Special Learning Press

www.special-learning.com

Ang misyon ng Special Learning ay tumulong sa mga taong mayroong **Autism Spectrum Disorder (ASD)**, Down syndrome, at iba pang kapansanan sa paglaki, sa buong mundo, at mailabas ang pinakamataas na antas ng kanilang potensyal. Nagbibigay kami ng mga personal na solusyon na gumagabay, nagtuturo, at nagpapatibay ng mga magulang, mga tagapagbigay alaga, mga guro, at mga propesyonal para magpatupad ng epektibong pag-tuturo at kasanayan sa panggagamot. Ang aming kumpletong linya ng mga produkto at mga serbisyo na binuo alinsunod sa pamantayan ng Applied Behavior Analysis (ABA) ay dinisenyo upang himukin ang matagumpay na pagaaral at pagtayo sa sariling paa ng mga taong may espesyal na pangangailangan.

Pahinga Copyright © 2016 Special Learning Inc.
Lahat ng karapatan ay nakareserba.
ISBN 978-1-940923-11-6

No part of this book may be reproduced in any manner whatsoever without written permission from Special Learning Inc.

Para sa iba pang impormasyon, makipag-ugnayan sa Special Learning Inc.,
500 N Michigan Avenue, Suite 300 Chicago, IL 60601
contact@special-learning.com
www.special-learning.com

Para sa mga taong may espesyal na pangangailangan na nagbibigay inspirasyon sa amin upang maabot ang isang mas maliwanag na kinabukasan para sa lahat.


– **Karen Chung**, Nagtatag at CEO,
Special Learning, Inc.

BAGO MAGPAHINGA



PAHINGA


PAGKATAPOS MAGPAHINGA



Kapag ako ay pagod na o balisa, kailangan ko magpahinga. Ang pagpapahinga ay nagbibigay sa akin ng pagkakataon na huminahon at ihanda ang sarili ko upang bumalik sa aking ginagawa.

Special Learning
www.special-learning.com

© 2014 Special Learning Inc. All rights reserved.



Ang pahinga ay isang maikling oras o panahon na maaari kong gamitin upang payapain ang aking sarili kapag nararamdaman kong ako ay balisa o pagod na.

Special Learning
www.special-learning.com

© 2014 Special Learning Inc. All rights reserved.



Minsan dismayado ako dahil nahihirapan ako gawin ang isang bagay.
Pwede ako magpahinga muna at balikan na lang ang aking ginagawa.

Special Learning
www.special-learning.com

© 2014 Special Learning Inc. All rights reserved.



Minsan hindi ako makapagtuon ng atensyon sa aking ginagawa.
Pwede ako magpahinga muna at balikan na lang ang aking ginagawa mamya.

Special Learning
www.special-learning.com

© 2014 Special Learning Inc. All rights reserved.







Sa aking pagpapahinga maaari akong manahimik at mapagisa. Maaari rin akong gumawa ng mga bagay na makapagpapagaan ng aking pakiramdam gaya ng pagduduyan, pagtalon, paglalaro at iba pa. Pagkatapos kong magpahinga, maganda na ang pakiramdam ko at maaari na kong bumalik sa aking ginagawa.


© 2014 Special Learning Inc. All rights reserved.



Ang pagpapahinga ay nakatutulong sa akin upang malampasan ang mga gawain na maaaring mahirap tapusin sa isang pagkakataon lamang.

Special Learning
www.special-learning.com

© 2014 Special Learning Inc. All rights reserved.



Ito ay nakakapagpasaya sa aking pakiramdam sa oras ng pagaaral.
Ang aking pamilya at guro ay magiging masaya para sa akin
dahil sa aking pagpapahinga.

Special Learning
www.special-learning.com

© 2014 Special Learning Inc. All rights reserved.



Ito ang katapusan ng kwento.

Gabay Patnubay sa Paggamit

Pahinga

Kwento ng Pakikipagkapwa

Kwento ng Pakikipagkapwa: Paglinang ng Pakikipagkapwa sa Paglaki

Karamihan ng bata ay nagsisimulang matuto ng pakikipagkapwa sa murang edad mula sa kanyang kapaligaran. Mga mahalagang kasanayan sa pakikipagkapwa tao gaya ng pagbati sa iba, paghingi ng tulong, pagbabahagi o pakikihati, at paghihintay sa pila ay mga aral na nakukuha ng mga bata sa pamamagitan ng panunuod sa iba, paggaya sa kanilang mga nakikita, at pagmamasid sa kanilang kapaligiran. Ang mga batang may espesyal na pangangailangan, gaya ng Autism Spectrum Disorder (ASD), Down syndrome, at iba pang kapansanan sa paglaki ay kadalasang hindi alam ang nangyayari sa kanilang kapaligiran. Pakikipagkapwa tao ang isa sa mga pangunahing kakulangan ng isang taong may ASD, kaya nagiging sanhi ito upang hindi sila makatugon ng akma sa mga sitwasyong panlipunan. Ang mga batang may espesyal na pangangailangan ay madalas na nangangailangan ng mas maayos na pakikihalubilo para turuan sila ng mga kasanayan upang magtagumpay sila sa lipunan at magkaroon ng mga positibong karanasan sa kanilang kapwa. Isa sa mga pinaka-matagumpay na estratehiya ng pagtuturo ng mga kasanayang panlipunan sa mga batang may espesyal na pangangailangan ay sa pamamagitan ng mga Kuwento ng Pakikipagkapwa.

Anu ang Kwento ng Pakikipagkapwa?

Ang mga Kuwento ng Pakikipagkapwa ay maiikling kwento na naglalarawan ng mga sitwasyong panlipunan na maaaring maranasan ng mga batang may espesyal na pangangailangan. Ang bawat natatanging kwento ay nagtatampok ng mga aralin upang magturo ng mga katanggap-tanggap na kaugaliang panlipunan na maaaring mahirap o nakalilito sa isang batang may espesyal na pangangailangan. Sa pamamagitan ng paggamit ng mga paulit-ulit na halimbawa at mga larawan, ang mga kuwentong pakikipagkapwa ay tumutulong upang ang bata ay maintindihan ang tamang ugali na katanggap-tanggap sa lipunan, sa gayon ay mapigilan ang kanyang karagdagang pagkabahala at nagbibigay sa kanya ng kapanatagan ng loob na makipagkapwa tao.

May mga katangian ang isang kwento ng pakikipagkapwa na naiiba sa ibang kwentong pambata:

1. Ang mga kwento ng pakikipagkapwa ay maiikling kwento lamang.
2. Ang mga kwento ng pakikipagkapwa ay sadyang ginawa para sa mga batang may espesyal na pangangailangan.
3. Ang mga kwento ng pakikipagkapwa ay isinulat sa pananaw ng isang bata.
4. Ang mga kwento ng pakikipagkapwa ay isinulat sa madadaling intindihing salita.

Paano ginawa ang mga Kwento ng Pakikipagkapwa?

Ang unang hakbang sa paggawa ng kwento ng pakikipagkapwa ay ang pagpapasya kung anung kaugaliang panlipunan ang dapat linangin. Ang bawat kwento ng pakikipagkapwa ay lumilinang ng isang tiyak na kaugalian o kasanayan para sa isang pangkat ng edad. Maaaring ang mga magulang at guro ay may magkaibang kaugalian na gustong linangin, ngunit mahalagang maunawaan na ang mga kwento ng pakikipagkapwa ay angkop sa anumang kapaligiran. Sa pagpili ng isang kwento ng pakikipagkapwa, mahalagang alamin muna ang kasalukuyang antas ng kasanayan ng bata upang malaman kung sya ay may mga kasanayang kinakailangan upang matagumpay na matutunan ang mga bagong kaugalian.

Ang mga kwento ng pakikipagkapwa ay isinulat na ang nasa isip ay ang lakas ng bata. Ang mga ito ay isinulat upang ang bata ay maging positibo

at humimok sa kanya upang matuto ng mga bagong kaalaman sa pamamagitan ng pagtutok sa kanyang mga kasalukuyang magagandang kasanayan at sa kung anu man ang makakapagpaganda ng kanyang kalooban. Upang maisagawa ito, tatlong iba't ibang uri ng pangungusap ang ginamit, at ang lahat ng ito ay dinisenyo upang turuan at linangin pa ang mga positibong pag-uugali.

1. ***Mapaglarawang mga pangungusap***: Ang ganitong uri ng mga pangungusap ay tumutukoy kung saan ang lugar ng pangyayari, sinu ang mga kasali, anu ang kanilang ginagawa, at bakit. Ang mga mapaglarawang pangungusap ay nagbibigay ng konteksto sa sitwasyon.

   Halimbawa: "Minsan may mga bagay na mahirap gawin. Ang ibig sabihin ng pagsubok ay gawin ang aking pinakamahusay kahit na ito ay mahirap gawin."

2. ***Direktong mga pangungusap***: Ito ay mga direktang pahayag ng mga ninanais na kasagutan.

   Halimbawa: "Kapag may nagbigay sayo ng anumang bagay, sabihin mo SALAMAT."

3. ***Perspektibong mga pangungusap***: Ito ay mga pangungusap na naglalarawan ng pakiramdam at reaksyon ng iba sa isang sitwasyon.

   Halimbawa: "Pinasasaya ko ang aking pamilya at mga kaibigan kapag nagsusuot ako ng malilinis na damit araw-araw."

Mga pakinabang ng mga Kwento ng Pakikipagkapwa

Ang mga kwento ng pakikipagkapwa ay isang epektibong paraan ng pakikihalubilo ng mga batang may espesyal na pangangailangan sa ilang mga kadahilanan. Ang mga kwentong ito ay tumatalakay sa mga kasanayan na maaaring maging mahirap maunawaan ng isang batang may espesyal na pangangailangan at hinihimay ito sa mga maliliit na bahagi upang madaling maintindihan. Ang mga ito ay nagpapakita ng mga matagumpay na pagbabawas ng mga nakababahalang paguugali, pagtaas ng pakikipagugnayan sa mga kasama at kapwa sa lipunan. Ang mga kwento ng pakikipagkapwa ay nagbibigay ng mga mapaglarawan at mapagpahayag na hudyat sa mga magaaral na humahantong sa mas kumpletong pamamaraan ng pagtuturo sa ibat-ibang antas. Maaaring basahin ng mga magulang, guro, at tagapagbigay-alaga ang mga kwento sa bata or maaari ding himukin na basahin nila ng sarili nila sapagkat isinulat ang mga kwento ng pakikipagkapwa sa pinakamadadaling salita.

Paggamit ng mga Kwento ng Pakikipagkapwa sa Pagtuturo

Maaaring mukhang madali lamang isama sa inyong pagtuturo ang kwento ng pakikipagkapwa ngunit may mga mahalagang pamantayan na dapat tandaan ang mga magulang, guro, at tagapagbigay-alaga upang masigurong matagumpay ang pagtuturo.

1. Alamin ang kasalukuyang antas ng karunungan ng bata para malaman ang naaangkop na antas ng kwento ng pakikipagkapwa.
2. Alamin ang mga kinakailangang kasanayan bago magpasya kung anung bagong kasanayan ang dapat ituro.
3. Magtakda ng isang regular na kwento ng pakikipagkapwa ayon sa kasanayan na iyong itinuturo.
4. Maglaan ng kwento ng pakikipagkapwa na madaling magamit ng bata para sa pansariling pagaaral.

5. Himukin ang bata na magbasa ng kwento sa kanilang sariling regular na oras o bago pumasok sa isang katulad na sitwasyon.
6. Isali ang iba pang miyembro ng pamilya, tagapagbigay-alaga, mga myembro ng manggagamot, at mga kaibigan para mapalakas ang pangkalahatang kasanayan.
7. Gamitin ang mga sandali ng pagtuturo sa pamamagitan ng pagbabasa ng mga kwento sa inyong anak habang nasa isang sitwasyong panlipunan o habang nasa sandali ng paguugali.
8. Suportahan ang mga oras na kung saan ang ninanais na kasanayan o kaugalian ay nangyayari sa pamamagitan ng pagbabasa at pag-bibigay ng positibong pangengganyo sa bata kapag sya ay nagpapakita ng wastong paguugali.
9. Kung dalubhasa na sa kasanayan, patuloy na suriin paminsan minsan ang kwento ng pakikipagkapwa upang mapanatili ang kasanayan.

Ang paggamit ng mga kwento ng pakikipagkapwa sa batang may espesyal na pangangailangan ay maaaring maging mahirap sa simula. Sa maraming pagkakataon, kailangang basahin ng ilang beses ang kwento at ipaliwanag ng mabuti ang bawat aralin sa bata bago matutunan at maisagawa ng wasto ang mga bagong kasanayan. Ang isang magulang, guro, o tagapagbigay-alaga ay makakatulong sa pamamagitan ng pag-puri sa bata matapos nya basahin ang kwento at palakasin pa lalo ang loob nya sa pagpapakita ng wastong paguugali sa tamang pagkakataon. Magbigay ng karagdagang tulong habang nagbabasa ang bata para mas maunawaan nya ang kanyang binabasa. Gayunpaman, ang pagtulong ay kinakailangang limitado lamang hanggang sa mawala pagdating ng panahon para tulungan ang bata na makapagsarili. Kapag ang bata ay nakakapagbasa na ng sarili nya at naisasagawa ng wasto ang tamang paguugali, sya ay itinuturing na dalubhasa na at kailangang ilipat na sa isang pamalagiang palatuntunan.


Mga Kwento ng Pakikipagkapwa ng Special Learning

Dito sa Special Learning, itinuturo namin sa pamamagitan ng ibat-ibang pamamaraan ang pinakamahahalagang kasanayan sa buhay. Ang bawat libro ay isinulat sa bawat Kasanayan at Edad upang makatulong sa inyo na malaman ang wastong kwentong maaaring gamitin para sa inyong anak. Ang lahat ng kwento ng pakikipagkapwa ay binuo para lumikha ng isang kumpletong kurikulum sa pagtuturo ng mga pangunahing aralin, kabilang na ang mga pangunahing kasanayan sa pakikipagkapwa, kasanayan sa kahandaan sa paaralan, kasanayan sa pamumuhay magisa, at marami pang iba.

Sangguniang Babasahin:

More, Cori, C. (2008).
Digital Stories Targeting Social Skills for Children with Disabilities: Multidimensional Learning. Intervention in School and Clinic, 43(2), 168-177.

If you liked this social story, you will love these additional titles from **Special Learning**:





Visit

www.special-learning.com

for our full library!

Special Learning Social Stories

Linangin ang kasanayan sa pakikipagkapwa sa paisa-isang kwento

Special **Learning**

Ang mga Kwento ng Pakikipagkapwa ay mga kasangkapan sa pagtuturo ng mga kasanayan sa pakikipagkapwa sa taong may autism at iba pang kapansanan sa paglaki. Isinulat mula sa pananaw ng mag-aaral, ang mga kwentong ito ay bumabalangkas ng mga patakaran na dapat sundin ng mga mag-aaral sa iba't-ibang kalagayang panlipunan na makakatulong sa kanya upang harapin ang mga sitwasyon na maaaring mahirap o magdulot sa kanya ng pagkabalisa. Ang layunin ng mga kwentong ito ay upang ihanda ang mag-aaral na matugunan ang mga pangkaraniwang sitwasyon sa pamamagitan ng pagunawa sa mga inaasahang kaugalian at mga akmang tugon gamit ang mga paulit ulit na halimbawa, para sa isang tiyak na sitwasyon na maari niyang makaharap.

Maaaring wala pang sapat na siyentipikong pananaliksik upang mapatunayan ang bisa ng mga Kwento ng Pakikipagkapwa, ngunit ayon sa mga impormal na ebidensya ang mga ito ay maaaring maging epektibong paraan ng pagtuturo ng mga kasanayang panlipunan sa isang pangkat ng populasyon ng mga mag-aaral na may autism spectrum disorder.

Ang mga sumusunod na paguuri ay nagbibigay gabay sa mga gumagamit upang madali nilang malaman ang angkop na kwento para sa isang kaukulang sitwasyon sa pamamagitan ng kasanayan o grupo ng edad.

Kaurian ng Kwento ng Pakikipagkapwa

Kasanayang itinuturo	Grupo ng Edad
Kasanayan sa Pakikipagkapwa	Pre-K, Kindergarten, Elementary
Pangunahing batayan ng pakikipagtalastasan	Pre-K, Kindergarten, Elementary

© 2016 Special Learning Inc. All rights reserved.
Special Learning Press

ISBN 978-1-940923-11-6

9 781940 923116 >

www.special-learning.com

The Most Comprehensive Special Needs Solutions Company in the World